# Mga Madalas na Katanungan

***Ang mga Madalas na Katanungan ay na-update noong Setyembre 14, 2012.***

Sa loob ng nakaraang tatlong taon, ang Administrasyon na ito ay sumailalim sa isang hindi pa nagagawang pagsisikap para baguhin ang sistema ng pagpapatupad ng imigasyon upang maging isang nagtutuon ng pansin sa kaligtasan ng publiko, seguridad sa border at integridad ng sistema ng imigrasyon. Habang patuloy na pinagtutuunan ng pansin ng Department of Homeland Security (DHS) na mga resources sa pagpapatupad ng batas sa pagpapaalis ng mga indibiduwal na nagbabanta sa pambansang seguridad o panganib sa pampublikong kaligtasan, kasama na ang mga indibiduwal na nahatulan ng mga krimen na may partikular na pagtutukoy sa mga mga mararahas na kriminal, mga lumalabag sa batas, at mga paulit-ulit na nagsasala, ipapatupad ng DHS ang mabuting pagpapasya nito sa pag-uusig kung naaangkop para matiyak na ang pagpapatupad ng mga pinagkukunan ng impormasyon ay hindi lumalawak sa mga mababang priyoridad na kaso, tulad ng mga indibiduwal na dumadating sa Estados Unidos bilang mga bata at nakakatugon sa iba pang pangunahing mga patnubay. Ang mga indibiduwal na maipapakita na sila ay nakakatugon sa mga patnubay sa ibaba ay maaaring magsampa ng kahilingan para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa para sa panahon ng dalawang taon, na maaaring sumailalim sa renewal, at maaaring karapat-dapat sa awtorisasyon para makapagtrabaho.

Maaari kang humiling ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa kung ikaw ay:

1. Mas bata sa edad na 31 noong Hunyo 15, 2012;
2. Dumating sa Estados Unidos bago sumapit ang iyong ika-16 kaarawan;
3. Patuloy na nanirahan sa Estados Unidos mula Hunyo 15, 2007, hanggang sa ngayon;
4. Pisikal na nasa Estados Unidos noong Hunyo 15, 2012; at sa panahon nang iyong naisumite ang iyong kahilingan para sa konsiderasyon sa ipinagpaliban na pagkilos sa USCIS;
5. Nakapasok sa bansa nang hindi na-inspeksyon bago ang Hunyo 15, 2012, o ang iyong katayuan sa imigrasyon na naalinsunod sa batas ay nagpasok na noong Hunyo 15, 2012;
6. Kasalukuyang pumapasok sa paaralan, naka-graduate o nakatamo ng sertipiko ng pagtatapos mula sa high school, nakatamo ng general education development (GED) na sertipiko, o marangal na natapos sa pagsisilbi bilang beterano ng Coast Guard o Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos; at
7. Hindi napatunayang may sala ng isang krimen, matinding paglabag sa batas, tatlo o higit pang paglabas sa batas, at hindi matuturing na isang banta sa pambansang seguridad o kaligtasan ng publiko.

Ang mga indibiduwal ay maaaring tumawag sa USCIS sa 1-800-375-5283 para sa mga katanungan o para humiling ng mas dagdag na impormasyon sa pagpapaliban ng pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa na proseso o bumisita sawww.uscis.gov.

**Panoorin ang Consideration of Deferred Action for Childhood Arrivals Process na Video**

Tungkol sa Deferred Action for Childhood Arrivals (Pagpaliban ng pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa
Mga Patnubay para Makakahiling ng Konsiderasyon na Ipagpaliban ang Pagkilos sa Mga Musmos o Bata Nang Dumating sa Bansa o Consideration of Deferred Action for Childhood Arrivals.
* Edukasyon
* Pagbiyahe
* Pambansang Seguridad at Kaligtasan ng Publiko
Proseso ng Pagsasampa
Katibayan
Mga Desisyon at Renewal
Mga Kaso sa Ibang Mga Proseso ng Imigrasyon
Pag-iwas sa Mga Scam at Pag-iiwas sa Paglilinlang

# Tungkol sa Deferred Action for Childhood Arrivals (Pagpaliban ng pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa

**Q1: Ano ang ipinapaliban na pagkilos?**
A1:Ang Ipinagpaliban na kilos ay isang mabuting pagpapasya para ipagpaliban ang kilos ng pagpapaalis ng isang indibiduwal bilang isang kilos ng mabuting pagpapasya ng tagausig. Ang ipinagpaliban na kilos ay hindi nagkakaloob ng ligal na katayuan sa isang indibiduwal. Bilang karagdagan, kahit na ang isang indibiduwal kung saan ang kaso ay ipinagpaliban, ay hindi maikokonsidera bilang patuloy na labag sa batas na pamamalagi sa Estados Unidos habang ipinatupad ang panahon ng ipinagpaliban na pagkilos, hindi nangangahulugan na hindi kasali ang ipinagpaliban na pagkilos sa mga indibiduwal ng anumang nakaraan o sumunod na panahon ng labag sa batas na pamamalagi.
Sa ilalim ng mga kasalukuyang regulasyon, ang isang indibiduwal na kung saan ang kaso ay ipinagpaliban, ay karapat-dapat na makatanggap ng awtorisasyon para magtrabaho sa panahon ng ipinagpaliban na pagkilos, sa kundisyon na maaari niyang ipakita ang isang "pagtatrabaho sanhi ng pangangailangan sa pananalapi". Maaaring tapusin o i-renew ng DHS ang ipinagpaliban na kilos kahit kailan ayon sa pagpapasya ng ahensya.

**Q2: Ano ang Ipagpaliban ang Pagkilos sa Mga Musmos o Bata Nang Dumating sa Bansa (Consideration of Deferred Action for Childhood Arrivals)?**
A2: Noong Hunyo 15, 2012, ipinahayag ng Secretary of Homeland Security na ang ilang

mga taong dumating sa Estados Unidos nang sila ay bata pa at nakakatugon sa ilang mga pangunahing patunbay, ay maaari humiling ng konsiderasyon para sa pagpapaliban ng kilos para sa panahon ng dalawang taon, na maaaring ma-renew, at sa gayon, ay maging karapat-dapat para magkaroon ng pahintulot na makapagtrabaho. Ang mga indibiduwal na mapapatunayan ito sa pamamagitan ng mapapatotohanan na mga dokumento, na sila ay nakakatugon sa mga patnubay na ito ay maaaring isaalang-alang para sa pinagpaliban na pagkilos. Ang mga pagpapasya ay gagawin batay sa bawat isang kaso, ayon sa mga patnubay na itinakda ng memorandum ng Secretary of Homeland Security.

**Q3: Kung ang pagpapaalis sa akin ay ipinapagliban alinsunod sa proseso ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa, ako ay karapat-dapat ba para sa awtorisasyon na magtrabaho?**
A3: Oo. Alinsunod sa mga kasalukuyang regulasyon, kung ang iyong kaso ay ipinagpaliban, ikaw ay maaaring makakuha ng awtorisasyon para magtrabaho mula sa USCIS sa kundisyon na maaari mong maipakita na kailangan mong magtrabaho sanhi ng pangangailangan sa pananalapi

**Q4: Ang proseso bang ito ay magagamit ko kung ako ay kasalukuyang sumasailalim sa paglilitis para sa pag-alis, may panghuling kautusan para umalis, o may kautusan para sa kusang pag-alis?**
A4: Ang prosesong ito ay bukas sa sinumang indibiduwal na maaaring mapatunayan na siya ay nakakatugon sa mga patnubay para makonsidera, kasama na iyong mga hindi pa kailanman napasailalim sa mga paglilitis para maalis, at pati na rin iyong mga paglilitis sa pag-alis na mayroon nang panghuling kautusan o may kautusan para sa kusang pag-alis (basta't wala sila sa detensyon ng imigrasyon). Kung ikaw ay wala sa detensyon ng imigrasyon at siguradong nais na humiling ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa, kailangan mong isumite ang ioyng kahilingan sa USCIS - hindi ng ICE - alinsunod sa mga pamamaraan na nakabalangkas sa ibaba. Kung ikaw ay kasalukuyang nasa ilalim ng detensyon ng imigrasyon at naniniwala na ikaw ay nakakatugon sa mga patnubay, dapat kung humiling ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa mula sa USCIS pero kailangan mong ipakilala ang iyong sarili sa iyong detention officer o makipag-ugnayan sa ICE Office of the Public Advocate sa pamamagitan ng hotline ng Tanggapan sa 1-888-351-4024 (may mga tauhan mula 9 a.m. – 5 p.m., Lunes – Biyernes) o sa pamamagitan ng email sa EROPublicAdvocate@ice.dhs.gov.

**Q5: Ako ba ay patuloy na may labag sa batas na pamamalagi kung ako ay may nakabinbin na kahilingan para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa?**
A5: Ikaw ay patuloy na namamalagi na labag sa batas habang ang kahilingan para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa ay nakabinbin pa, maliban lamang kung ikaw ay mas bata sa 18 taong gulang sa panahon ng pagbigay ng kahilingan. Kung ikaw ay mas bata sa 18 taong gulang sa

panahon na iyong nai-sumite ang iyong kahilingan pero sumapit sa edad na 18 taong gulang habang nakabinbin ang iyong kahilingan sa USCIS, ikaw ay hindi matuturing na patuloy na namamalagi na labag sa batas habang nakabinbin ang iyong kahilingan. Kung ang iyong kaso ay ipinagpaliban, hindi ka patuloy na namamalagi na labag sa batas sa panahon ng ipinagpaliban na kilos. Ang pagpapaliban ng kilos sa iyong kaso ay hindi nangangahulugan na hindi ka kasali sa dating patuloy na pamamalagi na labag sa batas.

**Q6: Kung ang aking kaso ay ipinagpaliban, ako ba ay may iligal na katayuan sa panahon ng pagpapaliban?**
A6: Hindi. Kahit na ang pagkilos sa iyong kaso ay napagpaliban at ikaw ay hindi patuloy na may labag sa batas na pamamalagi sa panahon ng ipinagpaliban na kilos, ang ipinagpaliban na kilos ay hindi sumasangguni sa anumang iliegal na katayuan.

May malaki at mahalagang pagkakaiba sa pagitan ng "labag sa batas na pamamalagi" at "iligal na katayuan". Ang labag sa batas na pamamalagi ay tumutukoy sa isang panahon na ang isang indibiduwal ay namalagi sa Estados Unidos (1.) ng hindi pinahintulutan na pumasok o naka-parole o (2.) makalipas ang pagpaso ng panahon ng pamamalagi na awtorisado ng Department of Homeland Security (tulad ng makalipas ng panahong binigyan ng awtorisadong pamamalagi sa pamamagitan ng visa ay nagpaso). Ang labag sa batas na pamamalagi ay mahalaga lamang kung, sa pagkonsidera sa pagpapasya kung ang hindi pagpapahintulot na makapasok ay humahadlang sa labag sa batas na pamamalagi, na itinakda ng Immigration and Nationality Act sa Seksyon 212(a)(9), ay gagamitin sa isang indibiduwal kung siya ay umalis sa Estados Unidos at pagkaraan ay sinubukan na pumasok muli. (Ang mga labag sa batas na pamamalagi ay karaniwang tinatawag na "3- at 10-Year Bars".)

Ang katotohanan na ikaw ay hindi patuloy na may labag sa batas na pamamalagi ay walang magagawang pagbabago kung ikaw ay may iligal na katayuan habang ikaw ay nananatili sa Estados Unidos. Dahil ikaw ay walang iligal na katayuan sa panahon na ang DHS ay nagpaliban ng kilos sa iyong kaso, ikaw ay mapapasailalim pa rin sa lahat ng ligal na limitasyon at pagbabawal sa mga indibiduwal na may iligal na katayuan.

**Q7: Ang ipinagpaliban na kilos ba ay nagkakaloob sa akin ng paraan upang magkaroon ng katayuan bilang permanenteng residente o citizenship?**
A7: Hindi. Ang ipinagpaliban na klos ay isang uri ng pagpapasya sa pamamagitan ng pag-uusig na hindi nagbibigay sa iligal na permanenteng residente na katayuan o paraan upang magkaroon ng citizenship. Ang Kongreso lamang, na kumikilos sa pamamagitan ng lehislatibong kapangyarihan nito, ang maaaring makaayon sa mga karapatan na ito.

**Q8: Kung ang aking kaso ay napagpaliban, ako ay magiging karapat-dapat para sa mga premium tax credit at binawasang paghahati sa gastusin sa Affordable Insurance Exchanges simula sa 2014?**
A8: Hindi. Ang Department of Health and Human Services at ang Treasury ay nilalayon na makaayon sa mga kaugnay na regulasyon sa saklaw na kinakailangan para hindi

isama ang mga indibiduwal na karapat-dapat para sa pagpagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa para sa mga premium tax credit at binawasang paghahati sa gastusin. Ito ay umaalinsunod sa patakaran sa ilalim ng S. 3992 ng Development, Relief, and Education for Alien Minors (DREAM) Act ng 2010.

**Q9: Maaari ba akong makonsidera sa ipinagpaliban na kilos kahit na hindi ako nakakatugon sa mga patnubay para para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa?**
A9:Ang prosesong ito ay para lamang sa mga indibiduwal na nakakatugon sa mga partikular na patnybay na ipinahayag ng Secretary of Homeland Security. Ang ibang mga inidibiduwal ay maaaring, batay sa bawat kaso, humiling ng ipinagpaliban na kilos mula sa USCIS o ICE sa ilang mga pagkakataon, na umaalinsunod sa mga dati nang isinasagawang pamamalakad.

**Q10: Ang impormasyon ba na aking ibinabahagi sa aking kahilingan para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa ay gagamitin para sa layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon?**
A10: Ang impormasyon na ipinagkaloob sa kahilingan na ito ay protektado mula sa pagpapahayag sa Immigration and Customs Enforcement (ICE) ng Estados Unidos at Customs and Border Protection (CBP) ng Estados Unidos para sa layunin ng mga paglilitis sa pagpapatupad ng imigrasyon maliban na lamang kung ang humiihiling ay nakakatugon sa mga kriterya para sa pagpapalabas ng Notice to Appear o isang rekumendasyon mula sa Immigration and Customs Enforcement ng Estados Unidos sa ilalim ng kriteryang itinakda sa patnubay ng Notice to Appear ng USCIS (www.uscis.gov/NTA). Ang mga indibiduwal na ang mga kaso ay ipinagpaliban alinsunod sa proseso para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa (consideration of deferred action for childhood arrivals) ay hindi irerekumenda sa ICE. Ang impormasyon ay maaaring ibahagi sa mga ahensya ng national security and law enforcement, kasama na ang ICE at CBP, para sa mga layunin maliban sa pagpapaalis, kasama na ang pagtulong na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa, para makilala o maiwasanang mga mapanlinlang na pag-aangkin, para sa layunin ng seguridad ng bansa, o para sa imbestigasyon o pag-uusig sa isang krimen. Ang patakaran na nagbibigay impormasyon sa itaas ay sumasaklaw sa mga miyembro ng pamilya at mga tagapag-alaga, bilang dagdag sa humihiling mismo.

Ang patakaran na ito, na maaaring baguhin, mapalitan, o mapawalang-bisa kahit kailan nang walang abiso, ay hindi nilalayon, hindi umaasa ni hindi dapat asahan para makalikha ng anumang uri ng karapatan o benepisyo, tunay man o ugnay sa pamamaraan, maaaring ipatupad ng batas mula sa anumang partido, sa anumang saligang may kaugnayan sa administrasyon, sibil, o krimen.

**Q11: Kung ang aking kaso ay inirekumenda sa ICE para sa mga layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon o kung ako ay nakatanggap ng NTA, ang impormasyon ba na may kaugnayan sa mga miyembro ng aking pamilya at mga**

**tagapag-alaga ay irerekumenda sa ICE para sa mga layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon?**
A11: Kung ang iyong kaso ay inirekumenda sa ICE para sa mga layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon o ikaw ay nakatanggap ng NTA, ang impormasyon na may kaugnayan sa mga miyembro ng iyong pamilya o mga tagapag-alaga na nakasaad sa iyong kahilingan ay hindi irerekumenda sa ICE para sa layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon laban sa mga miyembro ng pamilya o mga tagapag-alaga. Ang impormasyon ay maaaring ibahagi sa mga ahensya ng national security and law enforcement, kasama na ang ICE at CBP, para sa mga layunin maliban sa pagpapaalis, kasama na ang pagtulong na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa, para makilala o maiwasanang mga mapanlinlang na pag-aangkin, para sa layunin ng seguridad ng bansa, o para sa imbestigasyon o pag-uusig sa isang krimen.

Ang patakaran na ito, na maaaring baguhin, mapalitan, o mapawalang-bisa kahit kailan nang walang abiso, ay hindi nilalayon, hindi umaasa ni hindi dapat asahan para makalikha ng anumang uri ng karapatan o benepisyo, tunay man o ugnay sa pamamaraan, maaaring ipatupad ng batas mula sa anumang partido, sa anumang saligang may kaugnayan sa administrasyon, sibil, o krimen.

**Q12: Ang Administrasyon bang ito ay nananatiling may pananagutan sa isang malakihang pagbabago sa imigrasyon?**
A12: Oo. Ang Administrasyon ay patuloy na pinipilit para sa agarang pagpapasa ng malakihang pagbabago sa imigrasyon, kasama na ang DREAM Act, dahil naniniwala ang Presidente na ang mga hakbang na ito ay kritikal sa pagtatatag ng isang nasa ika-21 siglong sistema ng imigrasyon na nakakatugon sa mga pangangailangang ekonomiko at seguridad ng bansa.

**Q13: Ang pagpapasa ba ng DREAM Act ay kinakailangan pa rin sa dahilan ng bagong proseso?**
A13: Oo. Ang memorandum noong Hunyo 15 ng Secretary of Homeland Security na nagpapahintulot s amga tao na humiling ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos ay ang pinakahuli sa isang serye ng mga hakbang na ginagawa ng DHS para pagtuunan ng pansin ng mga resources sa pagpapatupad ng batas sa pagpapaalis sa mga indibiduwal na tumatayong panganib sa pambansang seguridad o isang panganib sa kaligtasan ng publiko. Ang ipinagpaliban na kilos ay hindi nagbibigay ng ligal na katayuan o paraan para magkaroon ng citizenship. Tulad nang sinabi ng Presidente, ang mga indibiduwal na kuwalipikado para sa DREAM Act ay nararapat na magkaroon ng katiyakan sa kanilang katayuan. Ang Kongreso lamang, na kumikilos sa pamamagitan ng lehisletibong kapangyarihan nito, ay maaaring magbigay ng kaityakan na kasabay ng pagkakaroon ng paraan sa isang permanenteng ligal na katayuan.

**Q14: Maaari ba akong humiling ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa sa ilalim ng prosesong ito kung ako ay kasalukuyang may di-imigranteng (non-immigrant) na katayuan (hal. F-1, E-2, H-4) o mayroongTemporary Protected Status (TPS)?**

A14: Hindi. Maaari ka lamang humiling ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa sa ilalim ng prosesong ito kung ikaw ay kasalukuyang walang katayuan sa imigrasyon at walang iligal na katayuan noong Hunyo 15,2012.

Bumalik sa itaas

# Mga Patnubay para Makakahiling ng Konsiderasyon na Ipagpaliban ang Pagkilos sa Mga Musmos o Bata Nang Dumating sa Bansa o Consideration of Deferred Action for Childhood Arrivals.

**Q1: Anong mga patnubay ang dapat kong matugunan upang mabigyan ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa?**

A1: Alinsunod sa memorandum ng Secretary of Homeland Security noong Hunyo 15, 2012, upang mabigyan ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa, ikaw ay dapat na mag-sumite ng katibayan, kasama ng mga sumusuportang dokumento, na nagpapakita na ikaw ay:

1. Mas bata sa edad na 31 noong Hunyo 15, 2012;
2. Dumating sa Estados Unidos bago sumapit ang iyong ika-16 kaarawan;
3. Patuloy na nanirahan sa Estados Unidos mula Hunyo 15, 2007, hanggang sa ngayon;
4. Pisikal na nasa Estados Unidos noong Hunyo 15, 2012; at sa panahon nang iyong naisumite ang iyong kahilingan para sa konsiderasyon sa ipinagpaliban na pagkilos sa USCIS;
5. Nakapasok sa bansa nang hindi na-inspeksyon bago ang Hunyo 15, 2012, o ang iyong katayuan sa imigrasyon na naalinsunod sa batas ay nagpasok na noong Hunyo 15, 2012;
6. Kasalukuyang pumapasok sa paaralan, naka-graduate o nakatamo ng sertipiko ng pagtatapos mula sa high school, nakatamo ng general education development (GED) na sertipiko, o marangal na natapos sa pagsisilbi bilang beterano ng Coast Guard o Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos; at;
7. Hindi napatunayang may sala ng isang krimen, matinding paglabag sa batas, tatlo o higit pang paglabas sa batas, at hindi matuturing na isang banta sa pambansang seguridad o kaligtasan ng publiko.

Ang mga patnubay na ito ay dapat na matugunan para mabigyan ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa. Nasa USCIS ang huling pasya kung ang pagpapaliban na kilos ay angkop sa anumang ibinigay na kaso.

**Q2: Gaano katanda dapat ako upang mabigyan ng konsiderasyon sa ipinagpaliban na kilos sa ilalim ng prosesong ito?**
A2:

- Kung ikaw ay hindi pa kailanman nasali sa mga paglilitis sa pagpapaalis, o ang iyong mga paglilitis ay natapos bago mo ibigay ang iyong kahilingan para mabigyan ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa, kailangang ikaw ay may edad na 15 taong gulang o mas matanda sa panahon ng pagsasampa at nakatugon sa iba pang mga patnubay.
- Kung ikaw ay kasali sa mga paglilitis sa pagpapaalis, mayroon nang huling kautusan sa pagpapaalis, o may boluntaryong kautusan para umalis ng bansa, at hindi naka-detensyon sa imigrasyon, ikaw ay maaaring humiling ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa kahit na ikaw ay may edad na mas bata sa 15 sa panahon ng pagsasampa at nakakatugon sa iba pang mga patnubay.
- Sa lahat ng mga pagkakataon, hindi ka dapat may edad na 31 taong gulang o masa matanda sa pagsapit ng Hunyo 15, 2012, upang mabigyan ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa.

Bumalik sa itaas

**Edukasyon**

**Q1: Ang "kasalukuyang pumapasok sa paaralan" ba ay tumutukoy sa petsa kung saan isinampa ang kahilingan para sa konsiderasyon sa ipinagpaliban na kilos?**
A1: Para makonsidera bilang "kasalukuyang pumapasok sa paaralan" sa ilalim ng mga patnubay, ikaw ay dapat naka-enroll sa isang paaralan sa petsa nang iyong naisumite ang kahilingan para sa konsiderasyon na ipinapaliban na kilos sa ilalim ng prosesong ito.

**Q2: Sino ang makokonsidera na "kasalukuyang pumapasok sa paaralan" sa ilalim ng mga patubay na ito?**
A2: Upang makonsidera na "kasalukuyang pumapasok sa paaralan" sa ilalim ng mga patnubay na ito, ikaw ay dapat naka-enroll sa:

- isang pampubliko o pribadong paaralang elementarya, junior high o middle school, high school, o sekundaryang paaralan;
- isang programa ng edukasyon, programa para matutong bumasa't sumulat, o programa sa pagsasanay sa trabaho (kasama na ang bokasyonal na pagsasanay) na nilikha para humantong sa isang pagtatakda ng posisyon sa isang postsecondary na edukasyon, pagsasanay sa trabaho, o pagtatrabaho at kung saan ikaw ay nagtatrabaho upang matamo ang nasabing pagtatakda ng posisyon; o
- ang programa ng edukasyon na tumutulong sa mga mag-aaral na makakuha ng diploma sa high school o ang kinikilalang katumbas nito sa ilalim ng batas ng

estado (kasama na ang sertipiko ng pagtatapos, sertipiko ng pagpasok, o alternatibong gawad), o sa pagpapasa ng General Education Development (GED) na pagsusulit o iba pang katumbas na pagsusulit na kinikilala ng estado.

Ang nasabing edukasyon, pag-aaral na magbasa at sumulat, o pagsasanay sa trabaho na programa ay kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, mga napondohang programa, bilang kabuuan o bahagi nito, ng mga gawad sa gobyerno o estado. Ang mga programang napondohan ng iba pang mga mapagkukunan nito ay maaaring kuwalipikado kung ang mga ito ay napangasiwaan ng mga tagapagkaloob ng napatunayang bisa, tulad ng mga institusyon para sa mas mataas na edukasyon (higher education), kasama na ang mga kolehiyo sa komunidad, at ilang mga organisasyon na nasa komunidad.

Sa pagtatasa para malaman kung ang nasabing edukasyon, pag-aaral na magbasa at magsulat o pagsasanay sa trabaho na programa ay hindi napondohan nang ganap o bahagi ng gawad ng gobyerno o estado ay napatunayan na mabisa, isasaalang-alang ng USCIS ang tagal ng pagkakaroon ng nasabing programa; ang tala ng kasaysayan ng programa sa pagtulong sa mga mag-aaral na makakuha ng diploma sa high school o ang kinikilalang katumbas nito, sa pagpasa ng GED o ng iba pang pagsusulit na awtorisado ng estado, o sa pagtatakda ng posisyon sa mag-aaral sa postsecondary na edukasyon, pagsasanay sa trabaho, o pagtatrabaho; at iba pang mga tagapaghudyat ng pangkalahatang kalidad ng programa. Para sa mga indibiduwal na humahandag na mapatunayan na sila ay "kasalukuyang pumapasok sa paaralan" sa pamamagitan ng pag-enroll sa nasabing programa, ang pananagutan ay nasa humihiling para ipakita ang bisa ng programa.

**Q3: Paano ko matatatag na ako ay kasalukuyang pumapasok sa paaralan?**
A3: Ang mga sapat na dokumento na dapat mong ipakita para mapatunayan na ikaw ay kasalukuyang pumapasok sa paaralan ay maaaring kabilang ang, pero hindi limitado sa:

- katibayan na ikaw ay naka-enroll sa isang pampubliko o pribadong paaralang elementarya, junior high o middle school, high school, o sekundaryang paaralan; o
- katibayan na ikaw ay naka-enroll sa programa ng edukasyon, programa para matutong bumasa't sumulat, o programa sa pagsasanay sa trabaho (kasama na ang bokasyonal na pagsasanay) na nilikha para humantong sa isang pagtatakda ng posisyon sa isang postsecondary na edukasyon, pagsasanay sa trabaho, o pagtatrabaho at kung saan ikaw ay nagtatrabaho upang matamo ang nasabing pagtatakda ng posisyon, at ang nasabing programa ay napondohan nang ganap o bahagi ng mga gawad ng gobyerno o estado o napatunayang mabisa; o
- katibayan na ikaw ay naka-enroll sa programa ng edukasyon na tumutulong sa mga mag-aaral na makakuha ng diploma sa high school o ang kinikilalang katumbas nito sa ilalim ng batas ng estado (kasama na ang sertipiko ng pagtatapos, sertipiko ng pagpasok, o alternatibong gawad), o sa pagpapasa ng General Education Development (GED) na pagsusulit o iba pang nasabing

pagsusulit na awtorisado ng estado, at ang programang iyon ay napondohan nang ganap o bahagi ng mga gawad ng gobyerno o estado o napatunayang mabisa.

Ang nasabing katibayan sa page-enroll ay maaaring kabilang ang: pagtanggap ng mga liham, mga kard ng pagpaparehistro sa paaralan, mga liham mula sa paaralan o programa, mga transcript, mga report card, o mga progress report na ipinapakita ang pangalan ng paaralan o programa, petsa ng pagpapa-enroll, at kasalukuyang baitang sa edukasyon o grade, kung may kaugnayan.

**Q4: Anong mga dokumento ang maaaring sapat para mapakita na ako ay naka-graduate mula sa high school?**
A4: Ang sapat na mga dokumento para mapakita mo na ikaw ay nakatapos mula sa high school ay maaaring kabilang ang, pero hindi limitado sa, isang diploma sa high school mula sa pampublko o pribadong high school o secondary school, o isang kinilalang katumbas ng high school na diploma sa ilalim ng batas ng estado, kasama na ang General Education Development (GED) na sertipiko, sertipiko ng pagtatapos, sertipiko ng pagpasok, o isang alternatibong gawad mula sa pampubliko o pribadong high school o secondary school.

**Q5: Anong mga dokumento ang maaaring sapat para mapakita na ako ay nakatamo ng General Education Development (GED)?**
A5: Ang sapat na dokumento upang mapatunayan mo na ikaw ay nakatamo ng GED ay maaaring kabilang ang, pero hindi limitado sa, katibayan na ikaw ay nakapasa sa isang pagsusulit ng GED, o iba pang mahahalintulad na pagsusulit na awtorisado ng estado, at, bilang resulta, ikaw ay nakatanggap ng kinilalang katumbas nga diploma sa high school sa ilalim ng batas ng estado.

**Q6: Kung ako ay naka-enroll sa isang pag-aaral na magbasa at magsulat o programa sa pagsasanay sa trabaho, matutugunan ko ba ang mga patnubay?**
A6: Oo, sa ilang mga pagkakataon. Maaari mong matugunan ang mga patnubay kung ikaw ay naka-enroll sa isang edukasyon, pag-aaral na magbasa at magsulat, o pagsasanay sa trabaho na programa na nilikha para humantong sa isang pagtatakda ng posisyon sa isang postsecondary na edukasyon, pagsasanay sa trabaho, o pagtatrabaho at kung saan ikaw ay nagtatrabaho upang matamo ang nasabing pagtatakda ng posisyon. Kabilang sa mga nasabing programa, pero hindi limitado sa, ang mga programa na napondohan ng mga gawad ng gobyerno o estado, o pinangasiwaan ng mga tagapagkaloob ng napatunayang pagkabisa.

**Q7: Kung ako ay naka-enroll sa isang English as a Second Language (ESL) na programa, matutugunan ko ba ang mga patnubay?**
A7: Oo, sa ilang mga pagkakataon. Maaari mo lamang matugunan ang mga patnubay kung ikaw ay naka-enroll sa isang ESL na programa bilang isang paunang hinihiling para sa iyong pagtatakda ng posisyon sa isang postsecondary na edukasyon, pagsasanay sa trabaho, o pagtatrabaho at kung saan ikaw ay nagtatrabaho upang matamo ang nasabing pagtatakda ng posisyon. Kailan kang mag-sumite ng isang direktang katibayan na mga dokumento na ang iyong pagsali sa isang programa ng

ESL ay konektado sa iyong pagtatakda ng posisyon sa postsecondary edukasyon, pagsasanay sa trabaho o pagtatrabaho at ang nasabing programa ay isa sa mga napatunayang mabisa.

**Q8: Ikokonsidera ba ng USCIS ang mga di-direktang katibayan na ako ay nakatugon sa mga patubay sa edukasyon?**
A8: Hindi. Ang mga di-direktang katibayan ay hindi tatanggapin para matatag na ikaw ay kasalukuyang pumapasok sa paaralan, o nakatapos o nakatamo ng sertipiko ng pagtatapos mula sa high school, o nakatamo ng sertipiko sa general education development. Kailangan mong mag-sumite ng direktang dokumentasyon na katibayan para masiyahan na ikaw ay nakakatugon sa mga patnubay sa edukasyon.

**Q9: Kung ako ay kasalukuyang pumapasok sa paarlaan at ipinagpaliban ng USCIS ang pagkilos sa aking kaso, ano ang kailangan kong patunayan kung aking hilingin na i-renew ng USCIS ang pagpapaliban makalipas ang dalawang taon?**
A9: Kung ikaw ay pumapasok sa paaralan sa panahon na iyong ibinigay ang kahilingan at ang iyong kaso ay ipinagpaliban ng USCIS, upang makonsidera ang iyong kahilingan para sa palugit, kailangan mong maipakita sa panahon ng pagsumite ng kahilingan para sa pag-renew (1)na ikaw ay nagtapos mula sa paaralan kung saan ka naka-enroll at, kung ang paaralan na iyon ay isang paaralang elementarya o junior high o middle school, ikaw ay may tunay at masusukat na pagsulong patungo sa pagtatapos mula sa high school, o, (2) ikaw ay nakapagsagawa ng tunay at masusukat na pagsulong patungo sa pagtatapos sa paaralan kung saan ka naka-enroll.

Ikaw ay kasalukuyang nasa isang programang pang-edukasyon na tumutulong sa mga mag-aaral na makakuha ng diploma sa high school o ang kinikilalang katumbas nito sa ilalim ng batas ng estado, o sa pagpasa sa GED na pagsusulit o iba pang katumbas na awtorisado ng estado na pagsusulit, at ang iyong kaso ay ipinagpaliban ng USCIS, para makonsidera ang iyong kahilingan para sa palugit, kailangan mong ipakita sa panahon ng pagsumite ng kahilingan ng pag-renew na ikaw ay nakatamo ng diploma sa high school o ang kinikilalang katumbas nito o ikaw ay nakapasa sa GED o iba pang katumbas na pagsusulit na awtorisado ng estado.

Kung ikaw ay kasalukuyang naka-enroll sa isang programa ng edukasyon, programa para matutong bumasa't sumulat, o programa sa pagsasanay sa trabaho (kasama na ang bokasyonal na pagsasanay) na nilikha para humantong sa isang pagtatakda ng posisyon sa isang postsecondary na edukasyon, pagsasanay sa trabaho, at ang iyong kaso ay ipinagpaliban ng USCIS, upang makonsidera ang iyong kahilingan para sa palugit, kailangan mong maipakita na sa panahon ng pagsumite ng kahilingan sa pag-renew na ikaw ay naka-enroll sa isang postsecondary na edukasyon, na ikaw ay nakakuha ng trabaho kung saan sa sinanay, o ikaw ay nakapagsagawa ng tunay at masusukat na pagsulong patungo sa pagkukumpleto ng programa.

Ang mga partikular na detalye sa proseso ng pag-renew ay ibibigay sa mas huling petsa.

[Bumalik sa itaas](#)

**Pagbiyahe**

**Q1: Ang mga mabilisang pag-alis ba mula sa Estados Unidos ay makakagambala sa kahilingan ng patuloy na paninirahan?**
A1: Isang mabilis, casual at inosenteng pagkawala mula sa Estados Unidos ay hindi makakagambala sa iyong patuloy na paninirahan. Kung wala ka sa Estados Unidos kahit na kailan, ang iyong pagkawala ay maituturing na mabilisan, casual, at inosente, kung ito ay bago ang petsa na Agosto 15, 2012, at;

1. Ang pagkawala ay mabilis at makatuwiran na nakuwenta para matamo ang nilalayon ng pagkawala;
2. Ang pagkawala ay hindi dahil sa isang kautusan ng pagpalayas, deportasyon, o pagpapaalis;
3. Ang pagkawala ay hindi dahil sa isang kautusan para sa kusang pag-alis, o bigay ng pamamahala ng kusang pag-alis bago ang iyong paglilitis sa pagpapalayas, deportasyon, o pag-alis; at
4. Ang layunin ng pagkawala at/o iyong mga pagkilos habang nasa labas ng Estados Unidos ay hindi labag sa batas.

***Bago -*** **Q2: Maaari ba akong bumiyahe sa labas ng Estados Unidos bago makapagpasya ang USCIS kung ipagpapaliban ang kilos sa aking kaso?**
A2: Hindi. Makalipas ang Agosto 15, 2012, kung ikaw ay bumiyahe sa labas ng Estados Unidos, ikaw ay hindi maaaring bigyang konsiderasyon sa pagpapaliban ng kilos sa ilalim ng prosesong ito. Kung ipinagpaliban ng USCIS ang pagkilos sa iyong kaso, ikaw ay papahintulutan lamang na bumiyahe sa labas ng Estados Unidos kung ikaw ay mag-apply at tumanggap ng naunang parole mula sa USCIS.

Anumang pagbibiyahe sa labas ng Estados Unidos na naganap bago ang Agosto 15, 2012, ay tatasahin ng USCIS para magpasya kung ang pagbiyahe ay kuwalipikado bilang isang mabilisan, nagkataon at hindi masama (tingnan sa ibaba).

**Tala:** Kung ikaw ay inutusan na ma-deport o paalisin, at gayon ikaw ay umalis sa Estados Unidos, ang iyong pag-alis ay maaaring magresulta sa pagkokonsidera na ma-deport o mapaalis, na may posibleng malubhang resulta sa imigrasyon sa hinaharap.

*Mga Patnubay sa Pagbiyahe*

**Mga Petsa ng Pagbiyahe**
**Uri ng Pagbiyahe**
**Ito Ba ay Nakaka-apekto sa Patuloy na Paninirahan**
Bago ang Agosto 15, 2012.

- mabilisan
- nagkataon

- hindi masama

Hindi

- Para sa pinatagal na panahon
- Dahil sa isang kautusan ng pagpalayas, deportasyon, o pagpapaalis
- Para sumali sa isang gawaing krimen

Oo
Makalipas ang Agosto 15, 2012, at bago ka humiling ng isang ipinagpaliban na kilos

- Anuman

Oo.

Oo. Hindi ka makakabiyahe habang ang iyong kahilingan ay nirerepaso.
Hindi ka maaaring mag-apply para sa paunang parole maliban at hangga't nagpasya ang DHS kung ipagpapaliban ang kilos sa iyong kaso.

Makalipas ang Agosto 15, 2012, at pagkatapos ka humiling ng isang ipinagpaliban na kilos

- Anuman

***Bago -*** **Q3: Kung ang aking kaso ay ipinagpaliban alinsunod sa proseso ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa, ako ba ay makakabiyahe sa labas ng Estados Unidos?**
A3: Hindi ito awtomatiko. Kung nagpasya ang USCIS na ipagpaliban ang kilos sa iyong kaso at nais mong bumiyahe sa labas ng Estados Unidos, kailangan mong mag-apply para sa paunang parole sa pamamagitan ng pagsusumite ng isang Form I-131, Aplikasyon para sa Dokumento sa Pagbiyahe at pagbayad ng naaangkop na singil ($360). Magpapasya ang USCIS kung ang iyong layunin para sa pagbiyahe sa ibang bansa ay makatuwiran batay sa mga pagkakataon na iyong nailarawan sa iyong kahilingan. Karaniwan, ang USCIS ay magkakaloob lamang ng paunang parole kung ikaw ay bumibiyahe para sa makapagkawang-gawang layunin, layuning pang-edukasyon, o layuning pantrabaho. Hindi ka maaaring mag-apply para sa paunang parole maliban at hangga't ipinagpaliban ng USCIS ang kilos sa iyong kaso alinsunod sa proseso ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa. Hindi ka maaaring mag-apply para sa paunang parole na kasabay ang iyong pagsumite ng iyong kahilingan para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa. Ang lahat ng mga kahilingan para sa paunang parole ay isasaalang-alang batay sa bawat kaso.

Kung ipinagpaliban ng USCIS ang kilos sa iyong kaso sa ilalim ng proseso ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa makalipas na ikaw ay bigyang utos na ma-deport o paalisin, maaari ka pa ring humiling ng paunang parole kung ikaw ay nakakatugon sa mga patnubay para sa

paunang parole na inilarawan sa itaas. Gayunman, sa sandaling ikaw ay nakatanggap ng paunang parole, at bago ka tunay na umalis mula sa Estados Unidos, dapat mong hangarin na muling pabuksan ang iyong kaso sa harap ng Executive Office for Immigration Review (EOIR) at kumuha ng administratibong pagsasara o pagtatapos sa paglilitis sa iyong pagpapaalis. Kahit na pagkatapos na iyong hilingin sa EOIR na muling buksan ang iyong kaso, hindi ka dapat bumalik sa Estados Unidos hangga't matapos na maibigay ng EOIR ang iyong kahilingan. Kung ikaw ay umalis makalipas na bigyan ng kautusan na ma-deport o paalisin, at ang iyong paglilitis sa pagpapaalis ay hindi pa nabuksan muli at walang administratibong pagsasara o pagtatapos, ang iyong pag-alis ay maaaring magresulta sa pagkokonsidera na ma-deport o mapaalis, na may posibleng malubhang resulta sa imigrasyon sa hinaharap. Kung ikaw ay may kahit na anong katanungan tungkol sa prosesong ito, maaari kang tumawag sa ICE Office of the Public Advocate sa pamamagitan ng hotline na numero ng Tanggapan sa 1-888-351-4024 (may mga tauhan mula 9 a.m. – 5 p.m., Lunes – Biyernes) o sa pamamagitan ng pag-email sa EROPublicAdvocate@ice.dhs.gov.

**Pambansang Seguridad at Kaligtasan ng Publiko**

**Q1: Kung may paghahatol sa akin para sa isang pagkakasala ng mabigat na krimen, isang makabuluhang maliit na paglabag sa batas (misdemeanor offense), o maraming pangyayari ng maliliit na paglabag sa batas, maaari ko bang gamitin ang mabuting pagpapasya ng tagausig sa ilalim ng bagong prosesong ito?**
A1: Hindi. Kung ikaw ay nahatulan para sa isang pagkakasala ng mabigat na krimen, isang makabuluhang maliit na paglabag sa batas (misdemeanor offense), o tatlo o higit pang ibang pangyayari ng maliliit na paglabag sa batas na hindi naganap sa iisang petsa at hindi sanhi ng parehong kilos, pagkasama, o mga kombinasyon ng maling pag-aasal, ikaw ay hindi maaaring ikonsidera para sa ipinagpaliban na kilos sa ilalim ng bagong proseso maliban kung magpasya ang DHS na may mga hindi makakasamang pagkakataon.

**Q2: Anong mga pagkakasala ang natuturing na mabigat na kasalanan o "felony"?**
A2:Ang mabigat na kasalanan sa batas o felony ay isang krimen sa pederal, estado, o lokal na mapaparusahan sa pamamagitan ng pagkakakulong sa isang takdang panahon na lampas sa isang taon.

**Q3: Anong mga sala ang bumubuo sa isang makabuluhang maliit na paglabag sa batas o "misdemeanor"?**
A3: Para sa layunin ng prosesong ito, ang misdemeanor ay isang paglalabag sa batas tulad nang tinutukoy sa batas pederal (partikular na dito, ang isa kung saan ang pinakamatagal na takdang panahon para sa pagkakabilanggo na awtorisado ay isang taon o mas kaunti pa pero mas higit sa limang araw) at iyon ay nakakatugon sa kriterya:

1. Anuman ang nabigay na hatol, ito ay isang sala ng karahasan sa tahanan (domestic violence); sexual abuse o pagsasamantala; pagnanakaw: labag sa batas na pagdadala o paggamit ng armas; distribusyon ng droga o trafficking; o, pagmamaneho na lasing sa alak o gumon sa droga; o,

2. Kung hindi isang pagkakasala na nakalista sa itaas, ay isang pagkakasala na kung saan ang indibiduwal ay nahatulan na ma-kustodya ng higit sa 90 araw. Ang sentensya ay dapat kinasasangkutan ng panahon na nasa kustodya, at samakatuwis ay hindi kabilang ang nasuspinde na sentensya.

Ang panahon ng kustodya ay hindi kasama ang anumang panahong nabilanggo na higit sa sentensya ng krimen batay sa ahensyang nagpapatupad ng batas sa estado o panlokal na pagkikilala pagkakalagay sa detensyon ng nabilanggo na ipinalabas ng U.S. Immigration and Customs Enforcement (ICE). Sa kabila nang nakasaad sa itaas, ang desisyon kung ipagpapaliban ang kilos sa isang partikular na kaso bilang isang nakilalang iisa lamang at may mabuting pagpapasya na isinagawa nang isinasaalang-alang ang pangkalahatan ng mga pangyayari. Samakatuwid, ang kawalan ng kasaysayang kriminal na nakabalangkas sa itaas, o ang pagkakaroon nito, ay hindi masasabing magbibigay desisyon, pero isang salik na dapat isaalang-alang sa hindi marerepasong paggamit ng mabuting pagpasya. Nananatiling nasa DHS ang mabuting pagpapasya para matiyak kung ang isang indibiduwal ay walang karapatan para sa ipinagpaliban na kilos batay sa nag-iisang kriminal na sala kung saan ang indibiduwal ay nasentensyahan ng panahon na nasa kustodya ng 90 araw o mas kaunti pa.

**Q4: Anong mga sala ang bumubuo sa isang di-makabuluhang maliit na paglabag sa batas o "misdemeanor"?**
A4: Para sa layunin ng prosesong ito, ang di-makabuluhang maliit na paglabag sa batas ay anumang misdemeanor tulad nang tinutukoy sa batas pederal (partikular na dito, ang isa kung saan ang pinakamatagal na takdang panahon para sa pagkakabilanggo na awtorisado ay isang taon o mas kaunti pa pero mas higit sa limang araw) at iyon ay nakakatugon sa kriterya:

1. Hindi isang sala ng karahasan sa tahanan; sexual abuse o pagsasamantala; pagnanakaw: labag sa batas na pagdadala o paggamit ng armas; distribusyon ng droga o trafficking; o, pagmamaneho na lasing sa alak o gumon sa droga; at
2. Ay isang sala kung saan ang indibiduwal ay nahatulan ng panahon na nasa kustodya ng 90 araw o mas kaunti. Ang panahon na nasa kustodya ay hindi kasama ang anumang panahong nabilanggo na higit sa sentensya ng krimen batay sa ahensyang nagpapatupad ng batas sa estado o panlokal na pagkikilala pagkakalagay sa detensyon ng nabilanggo na ipinalabas ng ICE.

Sa kabila nang nakasaad sa itaas, ang desisyon kung ipagpapaliban ang kilos sa isang partikular na kaso bilang isang nakilalang iisa lamang at may mabuting pagpapasya na isinagawa nang isinasaalang-alang ang pangkalahatan ng mga pangyayari. Samakatuwid, ang kawalan ng kasaysayang kriminal na nakabalangkas sa itaas, o ang pagkakaroon nito, ay hindi masasabing magbibigay desisyon, pero isang salik na dapat isaalang-alang sa hindi marerepasong paggamit ng mabuting pagpasya.

**Q5: Kung mayroon akong minor na sala sa trapiko, tulad ng pagmamaneho ng walang lisensya, ito ba ay maituturing na isang di-makabuluhang maliit na paglabag sa batas na mabibilang patungo sa "tatlo o mas maraming di-**

**makabuluhang maliit na paglabag sa batas" na magagawang hindi ako maaaring makonsidera para sa gamitin ang mabuting pagpapasya ng tagausig sa ilalim nitong bagong proseso?**
A5: Ang isang minor na sala sa trapiko ay hindi maituturing na isang makabuluhang maliit na paglabag sa batas para sa mga layunin ng prosesong ito. Gayunman, ang iyong buong kasaysayan ng pagkakasala ay ikokonsidera kasama ng iba pang mga katotohanan tungkol sa iyo upang mapagpasyahan kung, sa ilalim ng kabuuan ng mga pangyayari, ikaw ay may karapatan na gamitin ang mabuting pagpapasya ng tagausig.

Mahalagang bigyang-liwanag na ang pagmamaneho nang nasa impluwensya ng alak o droga ay isang makabuluhang maliit na paglabag sa batas anuman ang nabigay na hatol.

**Q6: Ang mga sala bang naturing na mabigat na kasalanan o "felony" o mga maliliit na paglabag sa batas o "misdemeanor" ayon sa mga batas ng estado sa imigrasyon ay matuturing na mga felony o misdemeanor para sa layunin ng prosesong ito?**
A6: Hindi. Ang mga sala na may kaugnayan sa imigrasyon na nauri bilang mga felony o misdemeanor ayon sa mga batas ng estado sa imigrasyon ay hindi pakikitunguhan bilang mga nag-aalis na karapatan na felony o misdemeanor para sa layunin ng pagbibigay ng konsiderasyon para sa ipinagpaliban na kilos na alinsunod sa prosesong ito.

**Q7: Maikokonsidera ba ng DHS ang aking hatol na nabura na o hatol sa aking kabataan, bilang isang sala na magagawang hindi ako maaari para sa mabuting pagpapasya ng tagausig?**
A7: Ang mga paghahatol na nabura na at mga sentensya nang kabataan ay hindi awtomatikong magtatanggal ng iyong mga karapatan. Ang iyong kahilingan ay tatasahin batay sa bawat kaso upang mapagdesisyonan kung, sa ilalim ng mga partikular na pangyayari, nasisiguro ang isang mainam na pagsasagawa ng mabuting pagpapasya ng tagausig. Kung ikaw ay bata pa nang mangyari, pero sinubukan at nahatulan bilang isang adulto, ikaw ay pakikitunguhan bilang isang adulto para sa mga layunin ng proseso sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa.

**Q8: Ano ang kuwalipikado bilang banta sa pambansang seguridad o pampublikong kaligtasan?**
A8: Kung sa pagsusuri sa kasaysayan o iba pang impormasyon na natuklasan habang nirerepaso ang iyong kahilingan para sa ipinagpaliban na kilos ay nagpahiwatig na ang iyong pamamalagi sa Estados Unidos ay nagbabanta sa pampublikong kaligtasan o pambansang seguridad, ikaw ay hindi makakatanggap ng konsiderasyon para sa paggamit ng mabuting pagpapasya ng tagausig maliban kung pagpasyahan ng DHS na may mga katayuang bukod-tangi. Ang mga naghuhudyat na ikaw ay tumatayong isang banta ay kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, pagiging kasali sa isang gang, pagkakasangkot sa mga gawaing kriminal, o pagsali sa mga aktibidad na nagbabanta sa Estados Unidos.

**Q9: Kung ako ay hindi kasali sa mga paglilitis sa pagpapaalis, pero naniniwala na ako ay nakakatugon sa mga patnubay para sa paggamit ng ipinagpaliban na kilos sa ilalim ng prosesong ito, dapat ko bang hangarin na matakda sa mga paglilitis sa pagpapaalis sa pamamagitan ng mga pakikipagpulong sa CBP o ICE?**
A9: Hindi. Kung ikaw ay hindi kasali sa mga paglilitis sa pagpapaalis, pero naniniwala na ikaw ay nakakatugon sa mga patnubay, dapat na isumite mo ang iyong kahilingan para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa sa USCIS sa ilalim ng proseso na nabalangkas sa ibaba.

Bumalik sa itaas

## Proseso ng Pagsasampa

**Q1: Paano ako makakahiling ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa?**
A1:Upang humiling ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa mula sa USCIS, kailangan kang mag-sumite ng Form I-821D, Consideration of Deferred Action for Childhood Arrivals sa USCIS. Ang form na ito ay dapat na mapunan nang kumpleto, mainam na lagdaan at may kasamang Form I-765, Aplikasyon para sa Awtorisasyon sa Pagtrabaho (Application for Employment Authorization), at Form I-765WS, Worksheet, na nagtatatag sa iyong pagtatrabaho sanhi ng pangangailangan sa pananalapi. Kung ikaw ay nabigo na mag-sumite ang nakumpletong Form I-765 (kasama ng mga naaangkop na singil sa pagpapasa ng nasabing form, na may kabuuan na $465), hindi ikokonsidera ng USCIS ang iyong kahilingan para sa ipinagpaliban na kilos. Mangyari lamang na basahin ang mga tagubilin sa form para matiyak na naisumite mo ang lahat ng kinakailangan na dokumento para masuportahan ang iyong kahilingan.

Kailangan mong isampa ang iyong kahilingan para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa sa USCIS Lockbox. Maaari mong mahanap ang address pang-koreo at mga tagubilin sa www.uscis.gov/i-821d. Pagkatapos matanggap ang iyong Form I-821D, Form I-765 at Form I-765 Worksheet, rerepasuhin ng USCIS ang mga ito kung kumpleto, kasama na ang pagbibigay ng mga naaangkop na singilin, unang katibayan at mga sumusuportang dokumento. Kung mapagpasyahan na ang kahilingan ay kumpleto na, magpapadala sa iyo ang USCIS ng paunawa ng pagkakatanggap. Tapos ay magpapadala sa iyo ang USCIS ng paunawa na nagtatakda sa iyong pagbisita sa Application Support Center para sa mga biometriko na serbisyo. Mangyari lamang tiyakin na iyong nabasa at sinundan ang mga tagubilin sa paunawa. Ang kabiguan na dumalo sa iyong biometrikong pakikipagkita ay maaaring magpaantala sa pagpoproseso ng iyong kahilingan para sa konsiderasyon sa pagpapaliban sa pagkilos, o maaaring magresulta sa pagtatanggi sa iyong kahilingan. Maaari mong piliin na tumanggap ng e-mail at/o text message na magbibigay-alam sa iyo na ang iyong form ay natanggap sa pamamagitan ng pagkumpleto sa Form G-1145, E-Notification of Application/Petition Acceptance.

Ang bawat isang kahilingan para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa ay rerepasuhin batay sa bawat indibiduwal. Maaaring humiling sa iyo ng mas maraming impormasyon o katibayan ang USCIS, o maaaring hilingin na ikaw ay magpakita sa tanggapan ng USCIS. Ipagbibigay-alam sa iyo ng USCIS ang desisyon nito sa pamamagitan ng isang kasulatan.

**Tala:** Ang lahat ng mga indibiduwal na naniniwalang sila ay nakakatugon sa mga patnubay, kasama na iyong mga nasa mga paglilitis sa pagpapaalis, na may huling kautusan sa pag-alis, o may kautusan para sa kusang pag-alis (at hindi nasasailalim sa detensyon ng imigrasyon), ay maaaring humiling ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa mula sa USCIS sa pamamagitan ng prosesong ito. Ang mga indibiduwal na kasalukuyang nasa ilalim ng detensyon ng imigrasyon at naniniwala na sila ay nakakatugon sa mga patnubay, ay hindi maaaring humiling ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos  mula sa USCIS pero kailangang ipakilala ang kanilang sarili sa kanilang detention officer o sa ICE Office of the Public Advocate sa pamamagitan ng hotline ng Tanggapan sa 1-888-351-4024 (may mga tauhan mula 9 a.m. – 5 p.m., Lunes – Biyernes) o sa pamamagitan ng email sa EROPublicAdvocate@ice.dhs.gov.

**Q2: Magsasagawa ba ng pag-uusig sa nakaraan ang USCIS kapag nirerepaso ang aking kahilingan para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa?**
A2: Oo. Kailangan mong sumailalim sa mga pagsusuri sa nakaraan na biograpiko at biometriko bago maaaring ikonsidera ng USCIS kung magagamit ang karapatan para sa mabuting pagpapasiya ng tagausig sa ilalim ng proseso ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa. Kung ikaw ay nahatulan para sa anumang krimen, matinding paglabag sa batas, tatlo o higit pang paglabas sa batas na hindi naganap sa iisang araw at hindi mula sa parehong kilos, hindi kasama, o dili kaya'y nagbabanta sa pambansang seguridad o kaligtasan ng publiko, ikaw ay hindi isasaalang-alang para mapagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa maliban kung pagpasiyahan ng DHS na may bukod-tanging katayuan.

**Q3: Ano ang kasali sa mga pagsusuri sa kasaysayan?**
A3: Ang mga pagsusuri sa kasaysayan ay kinabibilangan ng pagsusuri sa byograpiko at biyometrikong impormasyong ipinagkaloob ng mga indibiduwal sa iba't ibang mga database na pinamamahalaan ng DHS at iba pang mga ahensya ng gobyernong pederal.

**Q4: Maaari ba akong makatamo ng pagpapaubaya sa singilin o hindi pagbabayad sa singilin para sa prosesong ito?**
A4: Walang mga magagamit na pagpapaubaya sa singilin para sa mga aplikasyon sa awtorisasyon sa pagtrabaho na konektado sa proseso na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa. May lubos na limitadong magagamit na paraan sa hindi pagbabayad ng singilin. Ang mga kahilingan para hindi magbayad ng singilin ay dapat na isumite at pasang-ayon na dinggin bago isampa ng indibiduwal ang

kaniyang kahilingan para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa nang walang singilin. Upang makonsidera para sa hindi pagbabayad ng singilin, kailangan kang magsumite ng isang liham at mga sumusuportang dokumento sa USCIS na nagpapatunay na ikaw ay nakakatugon sa isa sa mga sumusunod na kondisyon:

- Kung ikaw ay mas bata sa 18 taong gulang, walang tahanan, nasa foster care o mas bata sa 18 taong gulang at dili kaya'y kulang sa anumang suporta ng magulang o iba pang uri ng suporta mula sa kapamilya, at ang iyong kita ay mas kaunti sa 150% ng antas ng kahirapan sa Estados Unidos.
- Hindi mo kayang alagaan ang iyong sarili dahil ikaw ay nagdurusa sa isang malubha at hindi gumagaling na kapansanan at ang iyong kita ay mas kaunti sa 150% ng antas ng kahirapan ng Estados Unidos.
- Ikaw ay, sa panahon na isampa ang kahilingan, naka-ipon ng $250,000 o higit pa na utang sa nakaraang 12 buwan bilang resulta ng hindi nasauling bayad sa mga gastusing medikal para sa iyong sarili o sa isang kagyat na kapamilya, at ang iyong kita ay mas kaunti kaysa sa 150% ng antas ng kahirapan ng Estados Unidos.

Ang karagdagang impormasyon kung paano isagawa ang iyong kahilingan para sa hindi pagbayad ng singilin ay handang makuha sa www.uscis.gov/childhoodarrivals. Ang iyong kahilingan ay dapat na mai-sumite at mapagpasyahan bago ka magsumite ng kahilingan para mabigyan ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa nang walang bayad. Upang makonsidera sa hindi pagbabayad ng singilin, kailangan kang magbigay ng katibayang mga dokumento na nagpapatunay na ikaw ay nakakatugon sa lahat ng mga kondisyong nakasaad sa itaas sa panahon nang iyong isumite ang kahilingan. Para sa katibayan, ang USCIS ay:

- Tatanggap ng mga affidavit mula sa mga organisasyon na nakabase sa komunidad o organisasyong relihiyoso para maitatag ang kawalan ng tirahan ng humihiling o ang kawalan ng suporta sa pananalapi mula sa magulang o kapamilya.
- Tatanggap ng mga kopya ng tax return, mga bank statement, mga pay stub, o iba pang maaasahan na katibayan ng antas ng kita. Maaaring makasama rin sa katibayan ang isang affidavit mula sa aplikante o sa mananagot na ikatlong panig na nagpapatunay na ang aplikante ay hindi nagsasampa ng mga tax return, walang mga bank account, at/o walang kita na magpapatunay sa antas ng kita.
- Tatanggap ng mga kopya ng mga medikal na rekord, mga rekord sa insurance, mga bank statement, o iba pang mga maaasahan na katibayan ng hindi naisauling kabayaran sa mga gastusing medikal na hindi bababa sa $25,000.
- Tutugunan ang mga batay sa katotohanan na mga katanungan sa pamamagitan ng mga paghiling ng katibayan o requests for evidence (mga RFE).

**Q5: May namamahalang pagrerepaso ba sa mga desisyon ng USCIS sa ilalim ng prosesong ito?**
A5: Oo. Ipapatupad ng USCIS ang proseso ng namamahalang pagrerepaso sa lahat ng apat na mga Service Center upang matiyak ang hindi nagbabagong proseso para sa

pagkokonsidera na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa. Hihilingin ng USCIS mula sa mga opisyal na itaas sa namamahalang pagrerepaso iyong mga kaso na kinabibilangan ng ilang mga partikular na factor.

**Q6: Kukuha ba ng espesyal na pagsasanay ang mga tauhan ng USCIS na responsable para sa pagrerepaso ng mga kahilingan para sa paggamit ng karapatan sa mabuting pagpapasya ng tagausig sa ilalim ng prosesong ito?**
A6: Oo. Ang mga tauhan ng USCIS na responsable sa pagkokonsidera ng mga kahilingan para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa ay makakatanggap ng espesyal na pagsasanay.

***Bago -*** **Q7. Ang mga abogado at mga pinagkakatiwalaang mga kinatawan na nagkakaloob ng mga pro bono (libre) na serbisyo para sa ipinagpaliban na kilos sa mga humihiling sa mga kaganapan ng pagtulong sa grupo ay dapat magsumite ng Form G-28 sa USCIS?**
A7. Ang isang abogado o pinagkatiwalaang kinatawan na nagkakaloob ng pro bono (libre) na tulong sa isang indibiduwal sa isang workshop at nilalayon na kumatawan sa isang indibiduwal makalipas ang workshop ay dapat na mag-sumite ng isang Form G-28. Ang isang abogado o pinagkakatiwalaang kinatawan na nagkakaloob ng pro bono na tulong sa isang indibiduwal sa isang workshop, pero hindi nilalayong kumatawan sa indibiduwal makalipas ang workshop, ay dapat na tasahin ang saklaw ng ugnayan sa indibiduwal at ang kalikasan at uri ng tulong na ipinagkakaloob. Sa batayang iyon, ang abogado o ang pinagkakatiwalaang kinatawan ay dapat magpasya kung magsusumite ng Form G-28. Kung hindi nagsumite ng Form G-28, dapat magpasya ang abogado o pinagkakatiwalaang kinatawan kung naaangkop, nang isinasaalang-alang ang mga pangyayari, na magkaloob sa indibiduwal at sa USCIS ng liham na nagbibigay-alam sa limitadong saklaw ng pangangatawan.

***Bago -*** **Q8. Kailan dapat lumagda ang indibiduwal sa Form I-821D bilang isang tagapaghanda?**
A8. Kung may ibang tao, maliban sa humihiling, ang naghanda o tumtulong na sulatan ang Form I-821D, ang nasabing indibiduwal ay dapat na kumpletuhin ang Part 5 ng Form.

***Bago -*** **Q9. Paano ko dapat sagutan ang tanong siyam (9.) sa Form I-765, Aplikasyon para sa Awtorisasyon sa Pagtrabaho (Application for Employment Authorization)?**
A9. Kapag ikaw ay nagsu-sumite ng Form I-765 bilang bahagi ng kahilingan na Ipagpaliban ang Pagkilos sa mga Musmos o Bata nang Dumating sa Bansa, ipinapalista sa tanong sa numero siyam (9.) iyong mga numero ng Social Security na opisyal na na-isyu sa iyo ng Social Security Administration.

Bumalik sa itaas

## Mga Desisyon at Renewal

**Q1: Maaari ba akong magsampa ng apela sa pasya ng USCIS?**
A1: Hindi. Hindi ka maaaring magsampa ng panukala para muling buksan o muling ikonsidera, at hindi maaaring magsampa ng apela sa pasya kung tinanggihan ng USCIS ang iyong kahilingan para sa konsiderasyon na ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa. Hindi rerepasuhin ng USCIS ang mga mabuting pagpapasya nito. Maaari kang humiling ng isang pagrerepaso gamit ang Service Request Management Tool (SRMT) na proseso kung ikaw ay nakakatugon sa lahat ng mga patnubay ng proseso at ikaw ay naniniwala na ang iyong kahilingan ay tinanggihan sanhi ng isa sa mga sumusunod na pagkakamali:

- Tinanggihan ng USCIS ang kahilingan para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa batay sa pagpapabaya at iyong inaangkin na hindi ka tumugon sa Kahilingan ng Katibayan sa loob ng natakdang panahon; o
- Ipinadala sa koreo ng USCIS ang Kahilingan ng Katibayan sa maling address, kahit na ikaw ay nagsumite ng Form AR-11, Nagbago ng Address, o binago ang iyong address online sa www.uscis.gov bago ang pagpapalabas ng Kahilingan ng Katibayan.

**Q2: Kung hindi gamitin ng USCIS ang kilos ng pagpapaliban sa aking kaso, maaari ba akong sumailalim sa mga paglilitis sa pag-alis?**
A2: Kung ikaw ay nagsumite ng kahilingan para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa at nagpasya ang USCIS na ipagpaliban ang kilos sa iyong kaso, ipapataw ng USCIS ang patnubay sa patakaran nito sa namamahala sa pagrerekumenda ng mga kaso sa  Immigration and Customs Enforcement (ICE) at ang pagpapalabas ng Notices to Appear (NTA). Kung ang iyong kaso ay hindi kinasasangkutan ng krimen, paglilinlang, o pagbabanta sa pambansang seguridad o kaligtasan ng publiko, ang iyong kaso ay hindi irerekumenda sa ICE para sa layunin ng mga paglilitis sa pag-alis maliban kung magpasya ang DHS na may bukod-tanging katayuan. Para sa mas detalyadong impormasyon sa gagamitin na patnubay ng NTA, bumisita sa www.uscis.gov/NTA. Kung makalipas ang pagrerepaso sa kabuuan ng mga pangyayari ay nagpasya ang USCIS na ipagpaliban ang kilos sa iyong kaso, ang USCIS ay magpapatupad din ng mabuting pagpapasya nito at hindi magpapalabasng Notice to Appear para sa iyo.

**Q3: Maaari ko bang patagalin ang panahon ng ipinagpaliban na kilos sa aking kaso?**
A3: Oo. Maliban kung matapos, ang mga indibiduwal na ang kaso ay tumagal alinsunod sa proseso ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa, ay hindi sasailalim sa mga paglilitis sa pag-alis o hindi paaalisin mula sa Estados Unidos sa loob ng dalawang taon. Maaari kang humiling ng konsiderasyon para sa pagpahaba ng panahon na kilos ng pagpapaliban na iyon. Hangga't ikaw ay hindi umabot sa edad na 30 taong gulang sa Hunyo 15, 2012, maaari kang humiling ng pagpapa-renew makalipas na sumapit sa edad na 31 taong gulang. Ang iyong kahilingan para sa mas mahabang panahon ay isasaalang-alang ayon sa bawat isang kaso.

**Q4: Kung ang aking panahon para sa ipinagpaliban na kilos ay binigyan ng palugit, kailangan ko bang mag-apply muli para sa pagpapatagal ng aking awtorisasyon para magtrabaho?**
A4: Oo. Kung magpasya ang USCIS na ipagpaliban ang kilos sa mga dagdag na panahon na higit sa naunang dalawang taon, kailangan ay humiling ka rin ng isang palugit sa iyong awtorisasyon para magtrabaho.

Bumalik sa itaas

## Katibayan

Ang sumusunod na talaan ay nagbibigay ng mga halimbawa ng mga dokumento na maaari mong isumite para mapatunayan na ikaw ay nakakatugon sa mga patnubay para sa konsiderasyon ng ipinagpaliban na kilos sa ilalim ng prosesong ito. Mangyari lamang na tingnan ang mga tagubilin sa Form I-821D, Konsiderasyon na Ipagpaliban ang Pagkilos sa mga Musmos o Bata nang Dumating sa Bansa (Consideration of Deferred Action for Childhood Arrivals), para sa karagdagang mga detalye ng tinatanggap na mga dokumento.

**Mga Halimbawa ng Mga Dokumento na Maaaring Isumite para Mapatunayan na ikaw ay Nakakatugon sa Mga Patnubay**
Katibayan ng pagkakakilanlan

- Pasaporte o pambansang ID mula sa iyong pinagmulang bansa
- Birth certificate na may litratong pagkakakilanlan
- ID sa paaralan o militar na may litrato
- Anumang dokumento ng imigrasyon ng pamahalaan ng Estados Unidos o iba pang dokumento na nakalahad ang iyong pangalan at litrato

Katibayan na ikaw ay dumating sa Estados Unidos bago ang iyong ika-16 taong gulang kaarawan

- Pasaporte na may tatak ng pagpasok sa Estados Unidos
- Form I-94/I-95/I-94W
- Mga rekord sa paaralan mula sa mga paaralan sa Estados Unidos na iyong pinasukan
- Anumang dokumento ng Immigration and Naturalization Service o DHS na nakalahad ang petsa ng iyong pagpasok (Form I-862, Notice to Appear)
- Mga rekord ng pagbiyahe
- Mga rekord sa ospital o medikal

Katibayan ng katayuan sa imigrasyon

- Form I-94/I-95/I-94W na may awtorisadong petsa ng pagpapasok ng pamamalagi

- Huling kautusan ng hindi pagsama, deportasyon, o pagpapaalis na ipinalabas noong Hunyo 15, 2012.
- Isang dokumento ng pag-uutos na itinatalaga ka sa mga paglilitis sa pagpapaalis

Katibayan ng pamamalagi sa Estados Unidos noong Hunyo 15, 2012

- Mga resibo sa pag-upa o mga singilin sa pampublikong serbisyo (tubig, kuryente, gas atbp.)
- Mga rekord sa pagtatrabaho (mga pay stub, W-2 Form, atbp)
- Mga rekord sa paaralan (mga liham, mga report card, etc)
- Mga rekord sa militar (Form DD-214 o NGB Form 22)
- Mga opisyal na rekord mula sa relihiyosong samahan na nagkukumpirma sa pagsali sa isang relihiyosong seremonya
- Mga kopya ng money order slip para sa perang ipinadala sa o papalabas ng bansa
- Mga nakasulat sa pasaporte
- Mga birth certificate ng mga batang ipinanganak sa Estados Unidos
- Mga transaksyon sa bangko na may petsa
- Social Security card
- Mga resibo ng lisensya o pagpaparehistro ng sasakyan
- Mga titulo, mortgage, kontrata sa kasunduan sa pag-upa
- Mga resibo sa buwis, mga polisa ng insurance

Katibayan na ikaw ay patuloy na nanirahan sa Estados Unidos mula noong Hunyo 15, 2007

Katibayan ng iyong katayuan bilang estudyante sa panahon nang hiniling ang konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa

- Mga rekord sa paaralan (mga transcripts, report cards, atbp.) mula sa paaralan na kasalukuyan mong pinapasukan sa Estados Unidos na nagpapakita ng (mga) pangalan ng (mga) paaralan at mga panahon ng pagpasok sa paaralan at ang kasalukuyang antas o baitang sa pag-aaral
- Diploma sa diploma sa high school o sertipiko ng pagtatapos sa Estados Unidos
- Sertipiko ng GED sa Estados Unidos

Katibayan na ikaw ay marangal na tumiwalag (honorably discharged) na beterano ng Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos o ng Coast Guard ng Estados Unidos

- Form DD-214, Certificate of Release o Discharge mula sa Aktibong Pagganap ng Tungkulin sa Militar
- NGB Form 22, National Guard Report of Separation at Rekord sa Paglilingkod

- Mga rekord sa mga tauhan ng Militar
- Mga rekord pangkalusugan ng Militar

**Q1: Ako ba ay maaaring magsampa ng mga affidavit bilang katibayan na ako ay nakakatugon sa mga patnubay para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa?**
A1: Ang mga affidavit ay karaniwang hindi sapat kung ipapakita mag-isa para mapatunayan na ikaw ay nakakatugon sa mga patnubay para ikaw ay mabigyan ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa ng USCIS.
Gayunman, ang mga affidavit ay maaaring gamitin para bigyang suporta ang pagtutugon sa mga sumusuportang patnubay lamang kung ang katibayang dokumento na makukuha mo ay hindi sapat o kulang;

- Ang isang puwang sa mga dokumento na nagpapatunay na ikaw ay nakakatugon sa kahilingan para sa limang taon na patuloy na paninirahan; at
- Isang kakulangan sa mga dokumento para sa mabilisan, nagkataon at hindi masamang pag-alis sa bansa sa limang taon na hinihiling para sa patuloy na paninirahan;

Kung ikaw ay mag-sumite ng mga affidavit na may kaugnayan sa kriterya sa itaas, kailangan mong mag-sumite ng dalawa o higit pang mga affidavit, na sinumpaan o pinatotohanan ng mga taong maliban sa iyong sarili, na may direktang personal na kaalaman sa mga pangyayari at kaganapan. Kung magpasya ang USCIS na ang mga affidavit ay hindi sapat para makapanaig sa hindi pagkakaroon ng kulang na mga dokumento na magsisilbing katibayan na tungkol sa kahit alin sa mga patnubay na ito, ito ay magpapalabas ng Kahilingan ng Katibayan, na nagpapahiwatig na dapat magsumite ng karagdagang katibayan para mapatunayan na ikaw ay nakakatugon sa mga patnubay na ito.

Hindi tatanggap ang USCIS ng mga affidavit bilang katibayan ng pagsisiya sa mga sumusunod na patnubay:

- Ikaw ay kasalukuyang pumapasok sa paaralan, naka-graduate o nakatamo ng sertipiko ng pagtatapos mula sa high school, nakatamo ng general education development na sertipiko, o marangal na natapos sa pagsisilbi bilang beterano mula sa Coast Guard o Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos;
- Pisikal na namamalagi sa Estados Unidos noong Hunyo 15, 2012;
- Ikaw ay dumating sa Estados Unidos bago sumapit ang iyong ika-16 kaarawan;
- Ikaw ay mas bata sa edad na 31 noong Hunyo 15, 2012; at
- Ang iyong kasaysayang kriminal, kung naaangkop.

Kung ang natatanging katibayan na iyong isumite para ipakita na ikaw ay nakakatugon sa alinman sa mga nakasaad sa itaas na patnubay ay isang affidavit, ang USCIS ay

magpapalabas ng isang Kahilingan ng Katibayan, na nagpapahiwatig na hindi mo napatunayan na ikaw ay nakakatugon sa mga patnubay na ito at dapat mong gawin ito upang mapatunayan na ikaw ay nakakatugon sa nasabing patnubay na iyon.

**Q2: Ikokonsidera ba ng USCIS ang mga di-direktang katibayan na ako ay nakatugon sa ilang mga patnubay?**
A2: Ang di-direktang katibayan ay maaaring gamitin para matatag na ang mga sumusunod na patnubay at ang mga katotohanang ipinakita kung ang magagamit na mga katibayang dokumento ay hindi sapat o kulang at ipinapakita na:

- Pisikal na namamalagi sa Estados Unidos noong Hunyo 15, 2012;
- Ikaw ay dumating sa Estados Unidos bago sumapit ang iyong ika-16 kaarawan;
- Iyong natutupad ang kahilingan para sa limang taon na patuloy na paninirahan, basta't nakapagpakita ka ng direktang katibayan ng iyong patuloy na pamamalagi sa Estados Unidos para sa isang bahagi ng hinihiling na limang taong panahon at ang di-direktang katibayan ay ginamit lamang para punan ang mga pagitan sa tagal ng patuloy ng paninirahan tulad nang ipinakita sa direktang katibayan; at
- Ang anumang pagbiyahe sa labas ng Estados Unidos sa hinihiling na limang taon na patuloy na pamamalagi ay mabilisan, nagkataon, at hindi masama.

Gayunman, hindi tatanggapin ng USCIS ang anumang di-direktang katibayan bilang pagpapatunay ng alinman sa mga sumusunod na patnubay upang mapakita na ikaw ay:

- Mas bata sa edad na 31 noong Hunyo 15, 2012; at
- Kasalukuyang pumapasok sa paaralan, naka-graduate o nakatamo ng sertipiko ng pagtatapos mula sa high school, nakatamo ng general education development (GED) na sertipiko, o marangal na natapos sa pagsisilbi bilang beterano ng Coast Guard o Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos.

Halimbawa, kung ikaw ay walang katibayang dokumentasyon ng iyong pamamalagi sa Estados Unidos noong Hunyo 15, 2012, maaari mo pa rin masiyahan ang mga patnubay nang masusi sa pamamagitan ng pagsusumite ng mapapaniwalaang katibayang dokumento na ikaw ay nasa Estados Unidos bago at makalipas kaagad ang Hunyo 15, 2012, kung saan ang mga katotohanang ipinakita ay maaaring magpatibay sa imperensya ng iyong pamamalagi noong Hunyo 15, 2012 din. Gayunman, ang di-direktang katibayan ay hindi tatanggapin para matatag na ikaw ay nakatapos mula sa high school. Kailangan mong mag-sumite ng direktang dokumentasyon na katibayan para masiyahan na ikaw ay nakakatugon sa patnubay na ito.

***Bago -*** **Q3. Upang mapatunayan ang aking patuloy na paninirahan sa Estados Unidos mula Hunyo 15, 2007, dapat ba akong magkaloob ng katibayan na nagdodokumento sa aking pamamalagi araw-araw, o buwan-buwan, sa panahong iyon?**
A3. Upang matugunan ang patnubay sa patuloy na paninirahan, ikaw ay dapat magsumite ng mga dokumento na nagpapakitang ikaw ay naninirahan sa Estados

Unidos mula Hunyo 15, 2007 hanggang sa panahon na iyong nabigay ang kahilingan. Kailangan mong magbigay ng dokumento para mapatunayan sa hanggang gaano karaming makatuwirang panahong maaari, pero walang kahilingan na araw-araw o buwan-buwan ng panahong iyon ay dapat na detalyadong patunayan sa pamamagitan ng direktang katibayan. Makakatulong sa USCIS kung ikaw ay magsumite ng katibayan ng iyong paninirahan sa bawat taon ng panahong iyon. Rerepasuhin ng USCIS ang mga dokumento nang ganap upang makapagdesisyon kung mas marahil na ikaw ay hindi naninirahan nang patuloy sa Estados Unidos sa panahon mula noong Hunyo 15, 2007. Ang mga puwang sa mga dokumento para sa ilang mga partikular na panahon ay maaaring magdulot ng pagdududa sa iyong nasabing patuloy na paninirahan kung, halimbawa, ang mga puwang ay mahahaba o dili kaya'y ipinapakita sa mga rekord na ikaw ay nasa labas ng Estados Unidos sa loob ng panahong hindi madalian, nagkataon o hindi masama. Kung ang mga puwang ay nagdudulot ng mga katanungan , ang USCIS ay maaaring magpalabas ng kahilingan ng katibayan para pahintulutan ka na makapagsumite ng karagdagang mga dokumento na sumusuporta sa iyong inaangking patuloy na paninirahan.

Ang mga affidavit ay maaaring isumite para ipaliwanag ang isang pagkukulang sa mga dokumento na nagpapatunay na ikaw ay nakakatugon sa kahilingan para sa limang taon na patuloy na paninirahan. Kung ikaw ay mag-sumite ng mga affidavit na may kaugnayan sa kahilingan para sa patuloy na paninirahan, kailangan mong mag-sumite ng dalawa o higit pang mga affidavit, na sinumpaan o pinatotohanan ng mga taong maliban sa iyong sarili, na may direktang personal na kaalaman sa mga pangyayari at kaganapan sa panahon kung saan may puwang sa mga dokumento. Ang mga affidavit ay maaari lamang gamitin para ipaliwanag ang mga puwang sa iyong patuloy na paninirahan; hindi magagamit ang mga ito bilang katibayan na ikaw ay nakakatugon sa kahiligan na buong limang taon na patuloy na paninirahan.

***Bago -*** **Q4. Kung ako ay magkaloob sa aking empleyado ng impormasyon hinggil sa kaniyang pagtatrabaho bilang suporta sa kahilingan sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa, ang impormasyong ba na iyon ay magagamit para sa mga layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon laban sa akin at/o aking kompanya?**
A4. Ikaw ay maaaring, kung kailan mo inaakalang kinakailangan, magkaloob sa mga indibiduwal na humihiling ng ipinagpaliban na kilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa ng mga dokumento na nagpapatotoo sa kanilang pagtatrabaho. Ang impormasyong ito ay hindi ibabahagi sa ICE para sa mga sibil na layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon alinsunod sa seksyon 274A ng INA maliban kung may katibayan ng kapansin-pansing paglalabag sa mga kriminal na batas o malawakang mga pag-aabuso.

Bumalik sa itaas

## Mga Kaso sa Ibang Mga Proseso ng Imigrasyon

**Q1: Ako ba ay maaaring makonsidera na may iligal na katayuan kung ako ay may aplikasyon para sa asylum o pagkakansela sa pagpapaalis na nakabinbin sa harap ng USCIS o ng Executive Office for Immigration Review (EOIR) sa Hunyo 15, 2012?**
A1: Oo. Kung ikaw ay may aplikasyon para sa asylum o pagkakansela sa pagpapaalis, o anumang katulad na pagtanggal, na nakabinbin sa USCIS o sa EOIR sa petsang Hunyo 15, 2012, pero walang iligal na katayuan, ikaw ay maaaring humiling ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa.

**Q2: Maaari ba akong humiling ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa mula sa USCIS kung ako ay nasa ilalim ng detensyon ng imigrasyon sa ilalim ng kustodya ng ICE?**
A2: Hindi. Kung ikaw ay kasalukuyang nasa ilalim ng detensyon ng imigrasyon, hindi ka maaaring humiling ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa mula sa USCIS. Kung sa iyong palagay ay maaari kang nakakatugon sa mga patnubay sa prosesong ito, kailangan mong ipakilala ang iyong sarili sa iyong detention officer o makipag-ugnayan sa ICE Office of the Public Advocate upang marepaso ng ICE ang iyong kaso. Ang ICE Office of the Public Advocate ay maaaring matawagan sa pamamagitan ng hotline ng Tanggapan sa 1-888-351-4024 (may mga tauhan mula 9 a.m. – 5 p.m., Lunes – Biyernes) o sa pamamagitan ng email sa EROPublicAdvocate@ice.dhs.gov

**Q3: Kung ako ay malapit nang paalisin ng ICE at naniniwala na ako ay maaaring makatugon sa mga patnubay para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa, anong mga hakbang ang aking magagawa para humangad ng pagrerepaso sa iyong kaso bago mapaalis?**
A3: Kung ikaw ay naniniwala na maaari mong mapatunayan na ikaw ay nakakatugon sa mga patnubay at malapit nang mapaalis, dapat kang makipag-ugnayan kaagad sa hotline ng Law Enforcement Support Center sa 1-855-448-6903 (may mga tauhan 24 oras, 7 araw sa isang linggo) o sa ICE Office of the Public Advocate sa pamamagitan ng hotline ng Tanggapan sa 1-888-351-4024 (may mga tauhan mula 9 a.m. – 5 p.m., Lunes – Biyernes) o sa pamamagitan ng email sa EROPublicAdvocate@ice.dhs.gov.

**Q4: Kung ang mga indibiduwal ay nakakatugon sa mga patnubay para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa at nakatagpo ng Customs and Border Protection (CBP) o sa ICE, ilalagay ba ang mga ito sa mga paglilitis para sa pagpapaalis?**
A4: Ang patakaran na ito ay nilalayon na pahintulutan ang CBP at ICE na pagtuunan ng pansin ang mga kasong natuturing na priyoridad. Alinsunod sa pamamahala ng Secretary of Homeland Security, kung ang isang indibiduwal ay nakakatugon sa mga patnubay ng prosesong ito, dapat ipatupad ng CBP o ICE ang kanilang mabuting pagpapasya batay sa bawat kaso, upang maiwasan na ang mga kuwalipikadong indibiduwal ay madakip, mailagay sa mga paglilitis sa pagpapaalis, o paalisin. Kung ang mga indibiduwal ay naniniwala na, kaayon sa patakaran na ito, sila ay hindi dapat nailagay sa mga paglilitis sa pagpapaalis, makipag-ugnayan kaagad sa hotline ng Law

Enforcement Support Center sa 1-855-448-6903 (may mga tauhan 24 oras, 7 araw sa isang linggo) o sa ICE Office of the Public Advocate sa pamamagitan ng hotline ng Tanggapan sa 1-888-351-4024 (may mga tauhan mula 9 a.m. – 5 p.m., Lunes – Biyernes) o sa pamamagitan ng email sat EROPublicAdvocate@ice.dhs.gov.

**Q5: Kung aking tinanggap ang isang alok ng administratibong pagsasara sa ilalim ng pagrerepaso sa bawat kaso o ang aking kaso ay natapos bilang bahagi ng proseso sa pagrerepaso sa bawat kaso, ako ba ay maaaring bigyang konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa ilalim ng prosesong ito?**
A5: Oo. Kung mapapatunayan mo na ikaw ay nakakatugon sa mga patnubay, maaari kang humiling ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa kahit na tinanggap mo ang isang alok para sa administratibong pagsasara o pagtatapos sa ilalim ng proseso ng pagrerepaso sa bawat kaso. Kung ikaw ay kasalukuyang kasali sa mga paglilitis sa pagpapaalis at nakilala nang nakakatugon sa mga patnubay at natitiyak ang mabuting pagpasya bilang bahagi ng pagrerepaso ng ICE sa bawat isang kaso, nag-alok na ang ICE sa iyo ng ipinagpaliban na kilos para sa panahon ng dalawang taon, na sumasailalim sa pagpapa-renew.

**Q6: Kung tinanggihan ko ang isang alok para sa administratibong pagsasara sa ilalim ng proseso ng pagrerepaso sa bawat isang kaso, maaari ba akong bigyang konsiderasyon para sa ipinagpaliban na kilos sa ilalim ng prosesong ito?**
A6: Oo. Kung mapapatunayan mo na ikaw ay nakakatugon sa mga patnubay, maaari kang humiling ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa mula sa USCIS kahit na tinanggihan mo ang isang alok para sa administratibong pagsasara sa ilalim ng proseso ng pagrerepaso sa bawat kaso.

**Q7: Kung ang aking kaso ay narepaso bilang bahagi ng proseso sa pagrerepaso ng bawat isang kaso pero hindi nag-alok sa akin ng administratibong pagsasara, maaari ba akong makonsidera para sa pagpapaliban ng kilos sa ilalim ng prosesong ito?**
A7: Oo. Kung mapapatunayan mo na ikaw ay nakakatugon sa mga patnubay, maaari kang humiling ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa mula sa USCIS kahit na hindi ka inalukan ng administratibong pagsasara sa ilalim ng proseso ng pagrerepaso sa bawat kaso.

**Q8: Paano pamamahalaan ng ICE at USCIS ang mga kaso na kasangkot ang mga indibiduwal na hindi nakakatugon sa mga patnubay ng prosesong ito pero naniniwala na sila ay maaaring makatiyak sa pagpapatupad ng mabuting pagpapasya ng tagausig sa ilalim ng Prosecutorial Discretion Memoranda noong Hunyo 2011.**
A8: Kung mapagpasyahan ng USCIS na ikaw ay hindi nakakatugon sa mga patnubay o dili kaya'y napasyahan na ikaw ay hindi nakakatiyak sa pagpapatupad ng karapatan para sa mabuting pagpapasya ng tagausig, sa gayon ay tatanggihan nito ang ipinagpaliban na kilos sa iyong kaso. Kung ikaw ay kasalukuyang kasama sa mga paglilitis sa pagpapaalis, may panghuling kautusan, o may kautusan para sa kusang

pag-alis ng bansa, sa gayon ay maaari kang humiling sa ICE na ikonsidera kung mapapatupad ang karapatan para sa mabuting pagpapasya ng tagausig sa ilalim ng Prosecutorial Discretion Memoranda ng ICE noong Hunyo 2011 sa pamamagitan ng mga natatag na pamamaraan sa ICE, kasama na ang paghiling sa ICE Office of the Public Advocate o sa lokal na Field Office Director. Hindi makokonsidera ng USCIS ang mga kahilingan para sa pagrerepaso sa ilalim ng Hunyo 2011 Prosecutorial Discretion Memoranda ng ICE.

**Q9: Ano ang dapat kong gawin kung ako ay nakakatugon sa mga patnubay ng prosesong ito at nabigyan ng ICE detainer kasunod na isang pagkaka-aresto ng alagad ng batas ng estado o lokal?**
A9: Kung ikaw ay nakakatugon sa mga patnubay at nabigyan ng detainer, dapat kang makipag-ugnayan kaagad sa hotline ng Law Enforcement Support Center sa 1-855-448-6903 (may mga tauhan 24 oras, 7 araw sa isang linggo) o sa ICE Office of the Public Advocate sa pamamagitan ng hotline ng Tanggapan sa 1-888-351-4024 (may mga tauhan mula 9 a.m. – 5 p.m., Lunes – Biyernes) o sa pamamagitan ng email sa EROPublicAdvocate@ice.dhs.gov.

Bumalik sa itaas

## Pag-iwas sa Mga Scam at Pag-iiwas sa Paglilinlang

**Q1: May nagsabi sa akin na kung bayaran ko sila ng isang halaga, maaari nilang mapabilis ang aking kahilingan para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa, totoo ba ito?**
A1: Hindi. Walang pagpapabilis na pagpoproseso para sa ipinagpaliban na kilos. Ang mga manlolokong propesyonal ay maaaring mangako na makakapagkaloob sila ng mas mabilis na serbisyo kung bayaran mo sila ng isang takdang halaga. Ang mga taong ito ay nanloloko sa iyo at kukuhanin ang iyong pera. Bumisita sa aming Avoid Scams na pahina upang matutunan kung paano mo mapoprotektahan ang iyong sarili mula sa mga scam sa imigrasyon.

Tiyakin na ikaw ay naghahanap ng impormasyon tungkol sa mga kahilingan para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa mula sa mga opisyal na mapagkukunan ng impormasyon ng gobyerno tulad ng USCIS o ang Department of Homeland Security. Kung naghahanap ka ng ligal na pagpapayo, bumisita sa aming Find Legal Services na pahina upang matutunan kung paano pumili ng isang may lisensyang abogado o mapagkakatiwalaang kinatawan.

**Q2: Anong mga hakbang ang gagawin ng USCIS at ng ICE kung ako ay sumali sa isang panlilinlang sa pamamagitan ng bagong proseso?**
A2: Kung ikaw ay may malay na nagsinungaling, o may malay na nabigong magpahayag ng mga katotohanan, sa isang pagsisikap na ipinapaliban ang iyong kaso o makakuha ng awtorisasyon para makapagtrabaho sa pamamagitan ng bagong prosesong ito, ikaw ay pakikitunguhan bilang isang priyoridad sa pagpapatupad ng

imigrasyon sa buong saklaw na pinahihintulutan ng batas, at sasailalim sa paglilitis sa krimen at/o pagpapaalis mula sa Estados Unidos.

Bumalik sa itaas

Huling na-update noong: 09/05/2012

< p>Paganahin ang Javascript para sa mas mainam na karanasan sa pagbabasa.</p>